Tagalog

# Sacred Scriptures—the Foundations of Faith

By Elder Quentin L. Cook
*Of the Quorum of the Twelve Apostles*

# Mga Sagradong Banal na Kasulatan—ang Pundasyon ng Pananampalataya

Ni Elder Quentin L. Cook
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

October 2024 general conference

*We cannot underestimate the significance of sacred scriptures both in conversions and in remaining faithful in the gospel.*

*Hindi natin maaaring maliitin ang kahalagahan ng mga banal na kasulatan kapwa sa pagpapabalik-loob at sa pagpapanatiling tapat sa ebanghelyo.*

My wife, Mary, and I recently saw a T-shirt with the picture of a book and a message on the front which read, "Books: The Original Handheld Device."

Kami ng asawa kong si Mary ay nakakita kamakailan ng isang T-shirt na may larawan ng isang aklat na may mensahe sa harapan nito na mababasang, "Mga Libro: Ang Orihinal na Handheld Device."

I thought about this interesting message and how significant handheld devices of all kinds have become. Upon further contemplation, I realized that any device or even one equipped with artificial intelligence will never be as important or significant as the spiritual guidance that comes from divine revelation.

Pinag-isipan ko ang nakakaaliw mensaheng ito at kung gaano na naging kaimportante ang iba't ibang uri ng mga handheld device. Nang pag-isipan ko pa ito, natanto ko na ang anumang kasangkapan o maging ang isang nilagyan ng artificial intelligence ay hindi kailanman magiging kasinghalaga o makabuluhang gaya ng espirituwal na patnubay na nagmumula sa banal na paghahayag.

Whether handheld or digital, the Holy Bible and the Book of Mormon: Another Testament of Jesus Christ provide spiritual guidance and teaching from Jesus Christ, the Savior of the world. We treasure these books for their profound role in documenting God's direction to ancient prophets and people and the guidance they provide for our own personal lives.

Handheld o digital man, ang Banal na Biblia at ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo ay nagbibigay ng espirituwal na patnubay at turo mula kay Jesucristo, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Pinahahalagahan natin ang mga aklat na ito para sa kanilang napakahalagang bahagi sa pagdokumento ng patnubay ng Diyos sa mga sinaunang propeta at tao at sa patnubay na ibinibigay nito para sa ating personal na buhay.

Combined with the teachings of living prophets, these sacred scriptures provide doctrinal direction for us in today's world. These scriptures are most powerful when they give instruction, correction,comfort, and consolation to individuals and families who seek guidance from the Lord.

Kasama ng mga turo ng mga buhay na propeta, ang mga sagradong banal na kasulatan na ito ay nagbibigay ng patnubay ng doktrina para sa atin sa mundo ngayon. Ang mga banal na kasulatan na ito ay pinakamabisa kapag nagbibigay ang mga ito ng tagubilin, pagtutuwid,kapanatagan, at kaaliwan sa mga tao at pamilya na humihingi ng patnubay sa Panginoon.

The scriptures, combined with spiritual inspiration from the Holy Spirit, continue to be the

Ang mga banal na kasulatan, na sinamahan ng espirituwal na inspirasyon mula sa Banal na

primary source that facilitates the conversion of those who have broken hearts and contrite spiritsand desire to follow Jesus Christ. The scriptures help build a foundation that can withstand the adversary's constant efforts to undermine faith.

New converts have blessed and been the lifeblood of the Church throughout its history. One example is particularly precious to me. When I was a young bishop, two marvelous sister missionarieswere teaching the William Edward Mussman family. The father, a very capable lawyer, was general counsel of a major corporation. His devoted wife, Janet, was helping the family strive to live a more Christlike life.

Their exceptional son and daughter,both in their early 20s, were also being taught. All four had received the lessons and were attending church. The sister missionaries had emphasized reading the Book of Mormon and praying for a testimony of that sacred scripture. Remarkably, the family prayerfully read the entire Book of Mormon in a short time.

The stake missionaries, both of whom were prior ward Relief Society presidents, accompanied them to sacrament meetings.

As the family was nearing baptism, they received a barrage of literature critical of the Church. This was before the internet, but the material filled a large cardboard box.

The sister missionaries invited me as a recently called 34-year-old bishop to help answer the questions being raised. When we gathered in their living room, the large box of pamphlets critical of the Church was in the middle of the room. I had prayerfully approached this assignment. During the opening prayer, the Spirit whispered to me, "He already knows it is true." This was important. The sisters believed that the rest of the family already had a testimony. They were unsure about the father.

I immediately informed him that the Spirit had prompted me that he already had a testimony. "Was that true?" He looked at me intently and

Espiritu, ay nananatiling pangunahing mapagkukunan na nagpapadali sa pagbabalik-loob ng mga taong may "bagbag na puso at nagsisising espiritu"at nagnanais na sumunod kay Jesucristo. Ang mga banal na kasulatan ay tumutulong sa pagbuo ng pundasyon na makadaraig sa patuloy na pagsisikap ng kaaway na pahinain ang pananampalataya.

Ang mga bagong binyag ay biyaya at mahalaga sa Simbahan sa buong kasaysayan nito. May isang halimbawa na napakahalaga sa akin. Noong bata pa akong bishop, dalawang kahanga-hangang sister missionaryang nagturo sa pamilya ni William Edward Mussman. Ang ama, isang napakahusay na abogado, ay general counsel ng isang malaking korporasyon. Ang kanyang tapat na asawa na si Janet ay tinulungan ang pamilya na magsikap na mamuhay nang higit na "katulad ni Cristo."

Tinuruan din ang kanilang mahuhusay na anak na lalaki at babaena parehong mahigit 20 taong gulang na. Silang apat ay tinuruan ng mga lesson at nagsimba. Binigyang-diin ng mga sister missionary ang pagbabasa ng Aklat ni Mormon at pagdarasal para magkaroon ng patotoo sa sagradong banal na kasulatang iyon. Nakamamangha na mapanalanging nabasa ng pamilya ang buong Aklat ni Mormon sa maikling panahon.

Ang mga ward missionary, na kapwa mga ward Relief Society president dati, ay sinamahan sila sa mga sacrament meeting.

Nang malapit nang mabinyagan ang pamilya, nakatanggap sila ng maraming literatura na naninira sa Simbahan. Ito ay noong bago pa magkaroon ng Internet, pero ang mga materyal ay napuno ang isang malaking kahon.

Inanyayahan ako ng mga sister missionary, na isang 34 na taong gulang na bishop noon na katatawag pa lamang, na tumulong sa pagsagot sa mga tanong ng pamilya. Nang magtipon kami sa kanilang sala, nasa gitna ng silid ang malaking kahon ng mga polyetong naninira sa Simbahan. Nanalangin ako para sa sandaling iyon. Habang ibinibigay ang pambungad na panalangin, bumulong sa akin ang Espiritu, "Alam na niya na totoo ito." Napakahalaga niyon. Naniniwala ang mga sister missionary na ang iba pa sa pamilya ay may patotoo na. Hindi sila nakasisiguro sa tatay.

Kaagad kong sinabi sa kanya na "Ipinabatid sa akin ng Espiritu na mayroon [ka nang] patotoo. Totoo ba ito?" Tiningnan niya ako nang

said that the Spirit had confirmed the truth of the Book of Mormon and the Church to him.

I then asked whether it would be necessary to review the pamphlets, if they already had a spiritual confirmation.

The father replied that it would not be necessary. The rest of the family concurred with his answer.

He said he did have a significant question: One reason they had received so much literature opposing the Church was that they were members of another faith. In addition, he had made a large pledge to help build a new chapel for that faith. He informed me that the sister missionaries had taught him about the importance of tithing, which he gratefully accepted, but he wondered if it would be wrong to also honor the pledge he had previously made. I assured him that payment of the pledge would be both honorable and appropriate.

The Mussmans with their son, daughter-in-law, and daughter.

The entire family was baptized. One year later they were sealed as a family in the Oakland California Temple. I was privileged to be present. The son completed law school, passed the California Bar Exam, and immediately served a faithful mission in Japan. I have watched over the years as the succeeding generations have remained faithful to the gospel. I was privileged to officiate at the sealing of one of the granddaughters.

The conversions that are occurring in our day are equally remarkable. Last June, Coach Andy Reid, head football coach of the Kansas City Chiefs,and I, along with othersrepresenting our faith and other faiths, spoke in a multifaith event at the Riverside Church in New York City. Coach Reid emphasized second chances and responding to invitations and opportunities,which is what the gospel of Jesus Christ is all about. The next morning, with our wives, Tammy Reid and Mary, we attended the sacrament meeting at the Manhattan Second Ward. It was a spiritual service. There were many new converts in the congregation. Five recently baptized members, four men and one young man, were among the Aaronic Priesthood members passing the sacra-

mabuti at sinabing pinagtibay ng Espiritu ang katotohanan ng Aklat ni Mormon at ng Simbahan sa kanya.

Pagkatapos ay tinanong ko kung kailangan pang pag-usapan ang mga polyeto, kung mayroon na silang espirituwal na pagpapatibay.

Tumugon ang ama na hindi na ito kailangan. Ang iba pa sa pamilya ay sumang-ayon sa kanyang sagot.

Sinabi niya na talagang may mahalagang tanong siya: Ang isang dahilan kung bakit nakatanggap sila ng maraming literaturang sumasalungat sa Simbahan ay dahil miyembro sila ng iba pang relihiyon. Bukod pa rito, nangako siya na magbibigay ng malaking halaga para sa pagpapatayo ng bagong kapilya para sa relihiyong iyon. Sinabi niya sa akin na itinuro sa kanya ng mga sister missionary ang kahalagahan ng ikapu, na buong pasasalamat niyang tinanggap, pero napaisip siya kung mali bang tuparin din ang ipinangako niya. Tiniyak ko sa kanya na ang pagbibigay ng ipinangakong halaga ay kapwa kapuri-puri at wasto.

Ang mga Mussman, kasama ang kanilang anak na lalaki, manugang, at anak na babae.

Ang buong pamilya ay nabinyagan. Pagkaraan ng isang taon, sila ay ibinuklod bilang pamilya sa Oakland California Temple. Nagkaroon ako ng pribilehiyo na makadalo roon. Natapos ng anak na lalaki ang law school, nakapasa sa California Bar exam, at agad na naglingkod nang buong katapatan sa misyon sa Japan. Nakita ko sa pagdaan ng mga taon ang pananatiling tapat sa ebanghelyo ng mga sumunod na henerasyon. Nagkaroon ako ng pribilehiyo na ibuklod ang isa sa mga apong babae.

Ang mga pagbabalik-loob na nangyayari sa ating panahon ay kahanga-hanga rin. Noong nakaraang Hunyo, nagsalita kami ni Coach Andy Reid, head football coach ng Kansas City Chiefs, kasama ang iba pana kumakatawan sa ating relihiyon at sa iba pang relihiyon, sa isang multifaith event sa Riverside Church sa New York City. Binigyang-diin ni Coach Reid ang tungkol sa mga pangalawang pagkakataon at pagtugon sa mga paanyaya at oportunidad,na patungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo. Nang sumunod na araw, kasama ang aming mga asawa, sina Tammy Reid at Mary, dumalo kami sa sacrament meeting sa Manhattan Second Ward. Napakaespirituwal ng serbisyo roon. Maraming bagong binyag sa kongregasyon. Limang bagong binyag na miyem-

ment. I am happy to report that a similar influx of new members is happening throughout the Church.

We are grateful for the noticeable increase in those who respond to sacred invitations, change their lives, and accept the opportunity to follow Jesus Christ. They enter the covenant path through faith, repentance, baptism, and confirmation as taught in the Holy Bible and the Book of Mormon.

We cannot underestimate the significance of sacred scriptures both in conversions and in remaining faithful in the gospel. The ancient prophets described in the Book of Mormon knew about the mission of Jesus Christ and taught His gospel. The Book of Mormon helps us draw closer to God as we learn, understand, and apply its teachings.The Prophet Joseph Smith taught, "A man [or woman] would get nearer to God by abiding by [the book's] precepts, than by any other book."

To know that the Book of Mormon is the word of God, we need to read, ponder, and pray about it and then act according to its precepts. The prophet Moroni promised that God will reveal the truth of the book to us as we pray with a sincere heart, with real intent, and with faith in Christ.Studying the Book of Mormon is essential for enduring conversion.

As we contemplate the relationship between the Bible and the Book of Mormon as handheld devices, one might ask a question. How useful and complementary do you think two books would be if the Lord declared they would be joined together and "become one in thine hand"? That is what the Lord declared concerning the "stick of Judah," the Bible, and the "stick of Joseph," the Book of Mormon.

In many significant respects, the Book of Mormon provides fundamental doctrine that enhances and builds upon the Bible. The doctrine of the Atonement of Jesus Christ is a profound example.

bro, apat na adult na lalaki at isang binatilyo, ang kabilang sa mga miyembro ng Aaronic Priesthood na nagpapasa ng sakramento. Masaya kong ibinabalita na may gayon ding pagdagsa ng mga bagong miyembro sa buong Simbahan.

Nagpapasalamat tayo sa kapansin-pansing pagdami ng mga tumutugon sa mga sagradong paanyaya, binabago ang kanilang buhay, at tinatanggap ang pagkakataon na sundin si Jesucristo. Pumapasok sila sa landas ng tipan sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, binyag, at kumpirmasyon na itinuro sa Banal na Biblia at sa Aklat ni Mormon.

Hindi natin maaaring maliitin ang kahalagahan ng mga banal na kasulatan kapwa sa pagpapabalik-loob at sa pagpapanatiling tapat sa ebanghelyo. Alam ng mga propeta sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa misyon ni Jesucristo at itinuro nila ang Kanyang ebanghelyo. Tinutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na mas mapalapit sa Diyos habang natututuhan, inuunawa, at ipinamumuhay natin ang mga turo nito.Itinuro ni Propetang Joseph Smith na "ang isang [lalaki o babae] ay malalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin [ng aklat], nang higit kaysa sa pamamagitan ng alin mang aklat."

Upang malaman kung ang Aklat ni Mormon ay salita ng Diyos, kailangan nating basahin, pagnilayan, at ipanalangin ang tungkol dito at pagkatapos ay kumilos ayon sa mga tuntunin nito. Ipinangako ng propetang si Moroni na ihahayag sa atin ng Diyos ang katotohanan ng aklat na ito kapag tayo ay nanalangin nang may matapat na puso, may tunay na layunin, at may pananampalataya kay Cristo.Ang pag-aaral ng Aklat ni Mormon ay mahalaga para sa tunay at nagtatagal na pagbabalik-loob.

Habang pinagninilayan natin ang kaugnayan ng Biblia sa Aklat ni Mormon bilang mga handheld device, maaaring magtanong ang isang tao. Sa tingin ninyo, gaano kapaki-pakinabang at nagkakatugma ang dalawang aklat kung ipinahayag ng Panginoon na ang mga ito ay pagdu[ru]gtungin" at "ma[gi]ging isa sa inyong kamay"? Iyan ang ipinahayag ng Panginoon hinggil sa "tungkod ni Juda," ang Biblia, at sa "tungkod ni Jose," ang Aklat ni Mormon.

Sa maraming mahahalagang aspekto, ang Aklat ni Mormon ay nagbibigay ng pangunahing doktrina na nagpapalakas at nagpapatatag sa Biblia. Ang doktrina ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay isang mahalagang halimbawa.

The Bible provides an accurate account of the mortal ministry of Jesus Christ, including His death and Resurrection. The Book of Mormon is more explicit about the Atonement of Jesus Christ,something prophets explained in detail prior to His death.

Ang Biblia ay nagbibigay ng isang tumpak na tala tungkol sa mortal na ministeryo ni Jesucristo, pati na ang Kanyang kamatayan at Pagkabuhay na Mag-uli. Ang Aklat ni Mormon ay mas malinaw tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo,isang bagay na detalyadong ipinaliwanag ng mga propeta bago ang Kanyang kapanganakan.

The heading toAlma chapter 42reflects the doctrinal significance of the Atonement of Jesus Christ.

It reads: "Mortality is a probationary time to enable man to repent and serve God—The Fall brought temporal and spiritual death upon all mankind—Redemption comes through repentance—God Himself atones for the sins of the world—Mercy is for those who repent—All others are subject to God's justice—Mercy comes because of the Atonement—Only the truly penitent are saved."

Ang heading sakabanata 42 ng Almaay naglalarawan sa doktrinal na kahalagahan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Mababasa rito: "Ang buhay na may kamatayan ay isang panahon ng pagsubok upang ang tao ay makapagsisi at makapaglingkod sa Diyos—Ang Pagkahulog ang nagdulot ng temporal at espirituwal na kamatayan sa buong sangkatauhan—Ang pagtubos ay dumarating sa pamamagitan ng pagsisisi—Ang Diyos na rin ang magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan—Ang awa ay para roon sa mga nagsisisi—Lahat ng iba pa ay mapaiilalim sa katarungan ng Diyos—Ang awa ay darating dahil sa Pagbabayad-sala—Yaon lamang tunay na nagsisisi ang maliligtas."

President Russell M. Nelson has said, "I promise that as you prayerfully study the Book of Mormonevery day, you will make better decisions—every day." He also promises that if "you daily immerse yourself in the Book of Mormon, you can be immunized against the evils of the day."

Sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson, "Ipinangangako ko na sa mapanalanging pag-aaral ng Aklat ni Mormonaraw-araw, makagagawa kayo ng mas maiinam na desisyon—sa araw-araw." Ipinangako niya rin na "sa araw-araw ninyong dibdibang pag-aaral [ng] Aklat ni Mormon, mapoprotektahan kayo laban sa mga kasamaan ngayon."

As I mentioned, I was impressed with the concept of the original handheld device—a book. However, I recognize the incredible significance of the internet in the world today. One modern handheld device can provide the information that historically has filled a major library. We are grateful to live in such a time as this. I am particularly grateful that it allows sacred books and Church materials to be available digitally. The internet is a powerful tool for studying the gospel.Today, many people share scriptures with friends using technology. TheBook of Mormon app, for example, is a wonderful way to introduce friends to the Book of Mormon and can easily be shared in normal and natural ways wherever you may be.

Tulad ng sinabi ko, humanga ako sa konsepto ng orihinal na handheld device—ang aklat. Gayunman, kinikilala ko ang nakapalaking kahalagahan ng Internet sa mundo ngayon. Isang modernong handheld device ang maaaring magbigay ng impormasyon na pumuno noon sa isang malaking silid-aklatan. Nagpapasalamat tayo na mabuhay sa panahong ito. Nagpapasalamat ako lalo na mababasa na ang mga sagradong aklat at materyal ng Simbahan sa mga digital device. Ang Internet ay isang mabisang kagamitan sa pag-aaral ng ebanghelyo.Sa kasalukuyan, maraming tao ang nagbabahagi ng mga banal na kasulatan sa mga kaibigan gamit ang teknolohiya. Angapp ng Aklat ni Mormon, halimbawa, ay isang napakagandang paraan para ipakilala sa mga kaibigan ang Aklat ni Mormon at madaling maibabahagi sa karaniwan at natural na paraan saanman kayo naroroon.

While the internet provides many blessings, unfortunately, like the written pamphlets critical

Bagama't maraming pagpapala ang ibinibigay ng Internet, sa kasamaang-palad, tulad ng mga

of the Church I described earlier, it has also been used to create doubt and undermine faith in precious gospel principles. It can be part of the "evils of the day" that President Nelson mentioned.

The adversary and those who assist him, knowingly or unwittingly, have created on the internet the equivalent of the box full of written material critical of the Church I described earlier, intended to draw you away from God's truth.

The issues raised to create doubt over the years have been remarkably similar. This is especially true when you compare our day with the 1960s, when I was in my 20s.

The scriptures teach us to use judgment and be wise in all things. The internet can be used in a positive way or a destructive way.

Both long-term members and those newly studying the gospel need to be intentional about what they view. Do not entertain immoral, dishonest, or unrighteous material. If you do, algorithms can lead you down a path that destroys faith and impairs your eternal progression. You can be acted upon positively or negatively. Seek righteousness and avoid dark internet rabbit holes and doomscrolling.Fill your life with positive, righteous ideas; be joyful; have fun but avoid foolishness. There is a difference. Thethirteenth article of faithis a marvelous guide. Above all, immerse yourself regularly in the Book of Mormon, which will draw the Spirit into your life and help you discern truth from error.

My counsel for those who have in any way deviated from the covenant path is to return to the sacred scriptures, prophetic guidance, religious observance in the home, and the music of faith. Every soul is preciousto the Lord.We need you! The Lord needs you, and you need Him! You will always be welcome. During my many years of Church service, I have cherished the

nakasulat na polyeto na naninira sa Simbahan na inilarawan ko kanina, ginagamit din ito upang lumikha ng pagdududa at pahinain ang pananampalataya sa mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo. Maaari itong maging bahagi ng "mga kasamaan ngayon" na binanggit ni Pangulong Nelson.

Ang kaaway at ang mga tumutulong sa kanya, sinadya man o hindi, ay lumikha sa Internet ng katumbas ng kahon na iyon na puno ng nakasulat na paninira sa Simbahan na binanggit ko kanina, na naglalayong ilayo kayo sa katotohanan ng Diyos.

Ang mga isyung inilabas para makalikha ng pagdududa sa paglipas ng mga taon ay kapansin-pansing magkakatulad. Totoo ito lalo na kapag inihambing ninyo ang ating panahon sa 1960s, noong ako ay mahigit 20 taong gulang.

Tinuturuan tayo ng mga banal na kasulatan na gumamit ng mabuting paghatol at maging matalino sa lahat ng bagay. Ang Internet ay magagamit sa positibong paraan o sa mapaminsalang paraan.

Ang matagal nang mga miyembro at ang mga bago pa lang na nag-aaral ng ebanghelyo ay kailangang maging maingat tungkol sa kanilang binabasa o pinanonood. Huwag tumangkilik ng mga imoral, di-tapat, o di-mabuting materyal. Kung gagawin ninyo ito, ang mga algorithm ay ihahantong kayo sa landas na sumisira sa pananampalataya at nakapipinsala sa inyong walang hanggang pag-unlad. Maaari kayong kumilos nang positibo o negatibo. Hanapin ang mabuti at iwasan ang masama at kasuklam-suklam na mga bagay sa Internet at ang doomscrolling.Punuin ang inyong buhay ng positibo at mabubuting ideya, maging masayahin, magsaya pero iwasan ang kalokohan. May pagkakaiba riyan. Angika-13 saligan ng pananampalatayaay isang kahanga-hangang gabay. Higit sa lahat, patuloy na ituon ang inyong sarili sa pag-aaral ng Aklat ni Mormon, na maglalapit sa Espiritu sa inyong buhay at tutulungan kayo na mahiwatigan ang katotohanan laban sa kamalian.

Ang payo ko para sa mga taong lumihis sa anumang kadahilanan mula sa landas ng tipan ay bumalik kayo sa sagradong mga banal na kasulatan, patnubay ng propeta, pamumuhay sa mga alituntunin ng ebanghelyo sa tahanan, at sa musika ng pananampalataya. Bawat kaluluwa ay mahalaga sa Panginoon.Kailangan namin kayo! Kailangan kayo ng Panginoon, at kailangan

wonderful people who returned to the covenant path and then served and blessed everyone they loved or with whom they came in contact.

The sacred scriptures and living prophets are a major way a loving Heavenly Father makes His plan of happiness available to all His children.

I bear my sure witness of the divinity of Jesus Christ and the reality of His Atonement, in the name of Jesus Christ, amen.

ninyo Siya! Malugod kayong tatanggapin palagi. Sa maraming taon kong paglilingkod sa Simbahan ay pinahahalagahan ko ang mga kahanga-hangang tao na bumalik sa landas ng tipan at pagkatapos ay naglingkod at pinagpala ang lahat ng mahal nila o nakasalamuha nila.

Ang mga sagradong banal na kasulatan at buhay na mga propeta ay paraan ng mapagmahal na Ama sa Langit upang malaman ng lahat ng Kanyang mga anak ang Kanyang plano ng kaligayahan.

Pinatototohanan ko nang may katiyakan ang kabanalan ni Jesucristo at ang katotohanan ng Kanyang Pagbabayad-sala, sa pangalan ni Jesucristo, amen.